# Suportang programa mula sa pondo ng pamahalaan para sa panganganak at pagpapalaki ng bata

Walang limit sa income

## SUPPORT PROGRAM NG TSU CITY PARA SA MGA MANGANGANAK AT NAGPAPALAKI NG BATA

**Kasabay ng pagpapalawak ng "tulong pinansyal na may kasamang konsultasyon", ang Tsu City ay magbibigay ng tulong pinansyal sa lahat ng mga nagpasa ng report ng pagbubuntis at report ng panganganak upang makapagsilang at maalagaan nila ang kanilang anak ng panatag ang kaooban.**

## 1. Tulong pinansiyal na may kasamang konsultasyon

(1) Mga pwedeng mag-apply
Lahat ng mga buntis at mga pamilya na may anak na ang edad ay 0 hanggang 2 taon.

(2) Nilalaman
Pagbibigay ng mga impormasyon at tulong sa pagpaplano para sa panganganak ng mga buntis at pagpapalaki ng bata ng mga pamilya na mayroong maliliit na anak.

| Panahon ng konsultasyon | Nilalaman |
|---|---|
| Pag-report ng pagbubuntis (Unang konsultasyon) | May palatanungan na kailangang niyong sagutan at mga panayam mula sa public health nurse tungkol sa inyong mga alalahanin sa pagbubuntis at tutulungan din kayo sa pagpaplano para malagpasan niyo ng maayos ang panahon ng pagbubuntis. |
| Mga ika-8 buwan ng pagbubuntis (Ika-2 konsultasyon) | Padadalhan ng palatanungan ang mga buntis. At ang ibinalik na palatanungan ang titingnan kung sino ang mga nais kumunsulta. Sa mga buntis na nais kumunsulta, bibigyan kayo ng mga impormasyon at sasagutin din ang inyong mga konsultasyon tungkol sa mga alalahanin niyo sa panganganak at pagpapalano para sa mga dapat gawin pagkatapos manganak. |
| Mga 2 buwan pagkatapos manganak (Ika-3 Konsultasyon) | Bibisita ang public health nurse sa inyong tahanan at may ibibigay na palatanungan na dapat niyong sagutan. Pag-uusapan din dito kung mayroon kayong mga alalahanin sa pagpapalaki ng inyong anak at bibigyan kayo ng papel para sa mga serbisyo na pwede niyong gamitin. |

## 2. Tulong pinansyal

Mayroon itong deadline, kaya siguraduhing mag-apply kaagad

**(1) Tulong pinansyal para sa mga manganganak**

①**Mga pwedeng tumanggap ng tulong**
Mga nag-report ng pagbubuntis mula nung Enero 1, 2023

②**Halaga ng matatanggap** 50,000 yen bawat buntis

③**Panahon ng aplikasyon** Pagkatapos ng konsultasyon at pagpasa ng report ng pagbubuntis (hanggang sa araw bago ang panganganak)

**(2) Tulong pinansyal para sa pagpapalaki ng bata.**

①**Mga pwedeng tumanggap**
Mga magulang na nag-aalaga ng bagong silang na sanggol na ipinanganak mula Enero 1, 2023. (Hindi Kabilang ang mga batang nasa childcare facility)

②**Halaga ng matatanggap** 50,000 yen bawat bata

③**Panahon ng aplikasyon** Pagkatapos ng konsultasyon sa public health nurse pagkatapos maipanganak ang bata (hanggang bago mag 4 na buwan ang bata)

Note: Mangyaring makipag-ugnayan lamang kung sakaling naantala ang inyong aplikasyon dahil sa mga hindi maiiwasang dahilan na hindi niyo naman kasalanan.


Para sa mga katanungan

◆(Tulong pinansyal na may kasamang konsultasyon)
Tsu Central Health Center 059-229-3164

Homepage ng Tsu→

◆(Tulong pinansyal)
Tsu City Health and Social Welfare Department, Child Policy Division ☎059-229-3155


Note: Mula Abril 2024, ang dating "Komodo Shien-ka" ay papalitan ng pangalan na tatawaging "Kodomo Seisaku-ka" o Child Policy Division.